Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG SETYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 201-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAGSAGAWA NG IMBESTIGASYON AT MAGPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA MGA KAWANI NG PAMAHALAANG LUNGSOD KAUGNAY SA PAGLABAG SA MGA UMIIRAL NA PANUNTUNAN NG INTER-AGENCY TASK FORCE (IATF) UKOL SA MASS GATHERING, PAGSUSUOT NG FACE MASK AT SOCIAL DISTANCING.

AKDA NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mataas na antas ng mabubuting pamamahala sa mga mamamayan sa dakilang Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, si G. Lito Zuñiga ay itinalagang *Focal Person* ng Punong Lungsod noong 18 Hulyo, 2019 at may tagubilin ng "x x x x x *direktang pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Punoong Lungsod para sa mga gawain at programa na ipatutupad sa Pamilihang Bayan. Itinatagubilin din ang pakikipag-ugnay sa Tagapangisawang Panlungsod, Pinuno ng Panlungsod na Tanggapan sa Pamamahala ng Kakayahang Pantao at Economic Enterprises Manager para sa maayos na pagsasakatuparan ng kautusang ito*";

SAPAGKAT, sa pagdiriwang ng kanyang kaarawan sa taong 2020, na nasabay sa pagsasailalim ng lungsod sa General Community Quarantine (GCQ), nagkaroon ng surpresang pagdiriwang para sa kanya at ito ay nai-post sa Facebook ng isa sa kanyang mga tauhan;

SAPAGKAT, sa pagpupulong na ipinatawag ay inamin ni G. Lito Zuñiga ang nasabing kaganapan sa kanyang kaarawan;

SAPAGKAT, napag-alaman na sina Manny Robles, Rose Ann Arada, Ernesto Regala, Frederico Abad, Paolo Gatchalian, Stella Ponce, Angellor Abellana, Ricardo Caretero, Noel Marcella, Avelino Chico, Janelli Agay, Jenny Ocampo (videographer), at G. Lito Zuñiga ang siyang makikita sa video na nai-post sa Facebook;

SAPAGKAT, napatunayang may paglabag na naganap sa mga umiiral na panuntunan ng National Inter-Agency Task Force (IATF) kaugnay ng pagsasagawa ng mass gathering at pagpapatupad ng social distancing sa panahong umiiral ang General Community Quarantine bilang pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19 virus;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na magalang na hilingin sa Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na magsagawa ng imbestigasyon at magpataw ng kaukulang kaparusahan sa mga kawani ng Pamahalaang Lungsod kaugnay sa paglabag sa mga umiiral na panuntunan ng Inter-Agency Task Force (IATF) ukol sa mass gathering, pagsusuot ng face mask at social distancing.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI |
| KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI | KGG. DENNIS D. SAN DIEGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY<br>KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA<br>KASANGGUNI - ABC President | KGG. PATRICK S. DELA CRUZ<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sanggunian Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09142020